# Abiso sa mga gawain

## Pagsasara ng Coburns Road

**Inalis na namin ang mga level crossing sa Hopkins Road sa Truganina at Ferris Road sa Melton. Ang bagong moderno at accessible na Melton Station ay magbubukas sa Martes, ika-1 ng Setyembre at aalisin na ang mga boom gate sa Coburns Road at Exford Road na magdudulot sa pagkawala ng level crossing sa Melton sa Setyembre.**

Isasara namin ang Coburns Road sa pagitan ng James Melrose Drive at Staughton Street mula **ala-1 ng umaga, Linggo ika-6 ng Setyembre hanggang alas-7 ng umaga, Huwebes ika-24 ng Setyembre.** Sa panahong ito, kami ay magtatrabaho ng 24 oras bawat araw sa lugar ng Melton Station.

Isasara din namin ang pahilagang (northbound) lane ng Rees Road sa pagitan ng Wilson Road at Staughton Street upang magtayo ng isang bagong bus driveway at papalitan ang ibabaw ng daan mula **alas-7 ng umaga, Sabado ika-19 ng Setyembre hanggang alas-7 ng umaga, Huwebes ika-24 ng Setyembre**.

### Saan at kailan kami magtatrabaho

| Lokasyon | Petsa at oras | Aktibidad |
|---|---|---|
| **Coburns Road** | **Mula ala-1 ng umaga, Linggo ika-6 ng Setyembre hanggang alas-7 ng umaga, Huwebes ika-24 ng Setyembre** | • Isasara ang daan sa pagitan ng James Melrose Drive at Staughton Street para sa road resurfacing (aalisin at papalitan ang ibabaw ng daan) at drainage works (mga trabahong may kinalaman sa paagusan ng tubig sa daan)<br>• Ilalagay ang mga detour (pansamantalang ibang ruta) para sa mga sasakyan at mga naglalakad. Pakitingnan ang mapa sa kabilang pahina. |
| **Brooklyn Road sa pagitan ng Exford Road at Hazel Street** | **Mula Lunes ika-7 ng Setyembre hanggang huling bahagi ng 2026** | • Pansamantalang pagsasara ng nasa timog na footpath at may nakalagay na detour para sa mga naglalakad<br>• Pagsasara para sa paglipat ng mga traffic barrier (harang sa trapiko) kung kinakailangan<br>• Pansamantalang pagsasara ng mga lane at pansamantalang pagsasara ng mga espasyo para sa on street parking |
| **Rees Road** | **Mula alas-7 ng umaga, Sabado ika-19 ng Setyembre hanggang alas-7 ng umaga, Huwebes ika-24 ng Setyembre** | • Pagsasara ng lane na papuntang hilaga sa pagitan ng Wilson Road at Staughton Street |

### Ano ang maaaring mangyari


- Mga trabaho na 24 oras bawat araw, na may mas maraming mga ilaw, ingay, pagyanig at trapiko sa lugar
- Mga pagkaantala ng trapiko kung saan ay may mga nakalagay na mga detour mula **ala-1 ng umaga, Linggo ika-6 ng Setyembre hanggang alas-7 ng umaga, Huwebes ika-24 ng Setyembre**
- Pagtaas sa bilang ng mga trak sa lugar
- Pagpapabawas ng mga alikabok sa pamamagitan ng mga watercart.

Maaaring kakailanganin ang mga paulit-ulit na pagsara ng mga lane sa paligid ng Melton Station habang isinasagawa ang mga trabaho. Ilalagay ang traffic management upang tulungan kayong gabayan sa lugar. Mangyaring maglaan ng karagdagang oras ng paglalakbay.

Mananatili ang access ng mga naglalakad at access sa mga bahay at negosyo sa lahat ng oras.

Sisikapin naming tapusin ang mga gawain sa takdang panahon; gayunpaman, ang mga petsa at oras ay maaaring magbago.

## Mga detour sa Coburns Road




## Karagdagang impormasyon

Kung mayroon kayong anumang mga tanong o gustong magkaroon ng karagdagang impormasyon tungkol sa proyekto, mangyaring tumawag sa amin sa **1800 105 105** o mag-email sa **levelcrossings@bigbuild.vic.gov.au**, 24 oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo.

Malugod na bumabati,

**Melton level crossing removal project**

**Para sa mga wika na maliban sa Ingles, mangyaring tumawag sa 9209 0147**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **हिंदी – Hindi** | 9209 0147 | **Mga Tagalog – Tagalog** | 9209 0147 |
| **Việt Ngữ – Vietnamese** | 9209 0147 | **ਪੰਜਾਬੀ – Punjabi** | 9209 0147 |